

Debosyonal

Pinalaya Mula sa Takot



Word from the Word
Ni Derek Prince

Ito si Derek Prince, na naghahatid sa iyo ng mensahe mula sa Salita ng Diyos.

> "Hinanap ko ang Panginoon, at sinagot Niya ako; iniligtas Niya ako mula sa lahat ng aking kinatatakutan. Ang mga tumitingin sa Kanya ay nagliliwanag; hindi kailanman nababalot ng kahihiyan ang kanilang mga mukha." (Awit 34:4–5 NIV)

Iyan ang patotoo mula sa personal na karanasan. Hindi ito teorya, hindi teolohiya, at hindi lamang isang pahayag ng pananampalataya. Ito ay patotoo ng isang taong dumaan sa napakahirap at mapanganib na kalagayan. Bumaling siya sa Panginoon at taimtim na nanalangin sa Kanya. Ito ang kanyang patotoo: "Sinagot ako ng Panginoon at iniligtas Niya ako mula sa lahat ng aking kinatatakutan."


Inaapi ka ba ng takot? Sa palagay ko, karamihan sa mga tao sa panahon natin ay may kinatatakutang gumugulo sa kanilang isipan at umaagaw sa kanilang kapayapaan. Bakit hindi mo subukan ang ginawa ni David? Hanapin mo ang Panginoon, manalangin sa Kanya at hilinging iligtas ka Niya mula sa lahat ng iyong kinatatakutan.

Nagpatuloy si David sa pagsasabi, "Ang mga tumitingin sa Kanya [ang Panginoon] ay nagliliwanag; hindi kailanman nababalot ng kahihiyan ang kanilang mga mukha." May malalim na prinsipyong ipinapakita rito: kung sa liwanag man o sa kadiliman tayo nakatuon, masasalamin sa atin ang ating tinitingnan. Kung sa kadiliman tayo nakatuon, magiging malungkot at mapanglaw tayo. Ngunit kung ititingala natin ang ating paningin sa Panginoon, na siyang liwanag, magliliwanag ang ating mga mukha dahil sa Kanyang liwanag. Sinasabi rin ng Kasulatan, "Hindi tayo kailanman mapapahiya o mabibigo. Hindi tayo bibiguin ng Panginoon."

Bakit hindi mo subukan ito? Tumawag ka sa Panginoon at hilinging iligtas ka Niya. Ituon mo ang iyong paningin sa Kanya upang magliwanag ang iyong mukha.

© 1970 - Derek Prince Ministries, International, Inc.

Debosyonal ★
Transcript: WD-WFTW-037-TGL
Huling Na-update: 05 Nov 2026
Website: Derekprince.com/tl/resources



© 1970 - Derek Prince Ministries, International, Inc.